

بعض

أحكام

الأضحية والزكاة

Ang ilang mga alituntunin ng Udhiyyah at Pagkakatay

Isinalin sa Tagalog ni:
Muhammad Taha Ali

المكتب التجار في الدعوة وتوعية الجاليات بالربوة

ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH

P.O. BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065

FAX 4970126 - E-Mail: rabwah@www.com

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng lahat ng nilalang, nawa'y ang pagpapala at kapayapaan ay makamit ng pinuno ng mga Sugo (Muhammad ﷺ)...

Ito ay ilang mga alituntunin ng Udhiyyah at pagkakatay na tinipon mula sa Aklat na pinamagatang "**Ang mga alituntunin ng Udhiyyah at pagkakatay**", na inihanda ni Shaikh: Muhammad bin Salih Al-Uthaimen (nawa'y kahabagan siya ng Allah).

Ang kahulugan ng *Udhiyyah*:

Ito ay ang hayop na kinakatay (tulad ng, kamelyo, baka, tupa at kambing) sa mga araw ng *Eidul - Adha* dahil sa pagsapit ng araw ng *Eid* (ika-10 araw sa Dhul-Hijjah) bilang pagpapalapit sa Allah (ang Kapitapatagan, ang Kataas-taasan), at ito ay isa sa mga lehitimong simbulo ng Islam na matutunghayan sa *Qur'an* at sa *Sunnah*. At nagkaisa ang mga Pantas ng mga muslim sa pagkalehitimo nito (*Al-Ijma'*).

Ang Allah ay nagsabi: {فَصَلِّ لِرَبِّكَ وَأَنْحَرْ}
{*Samakatuwid, magsagawa ng dasal para sa iyong Panginoon, at (sa Kanya lamang) maghandog ng hayop*} *Al-kauthar* (108): 2

At sinabi pa Niya:

{قُلْ إِنَّ صَلَاتِي وَنُسُكِي وَمَحْيَايَ وَمَمَاتِي لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ}
{*Sabihin (O Muhammad ﷺ): Katotohanan, ang aking dasal, paghahandog, buhay at kamatayan ay para sa Allah (lamang), ang Panginoon ng lahat ng nilalang*} *Al-An'am* (6): 162

Sa *Sunnah*, matutunghayan sa *Sahih* (mapapanaligang salaysay) ni Bukhari at Muslim mula sa ulat ni Anas bin Malik, kanyang sinabi: [*Nag-alay ang Sugo ng Allah (ﷺ) ng dalawang tupa na ang mga*

balahibo nito'y kulay puti at itim, siya mismo ang kumatay nito, at kanyang sinambit ang Pangalan ng Allah at nagtakbeer (Bismillaahi Allahu Akbar), at dinaganaan niya ng kanyang paa ang tagiliran nito.]

At si Abdullah bin Umar (nawa'y kalugdan silang dalawa ng Allah) ay nag-ulat; kanyang sinabi: [*Nanatiling nag-aalay ang Sugo ng Allah sa loob ng sampung taong ipinamalagi niya sa Madinah.*] *Isinalaysay ni Ahmad at Tirmethi.*

Ang wastong katuruan sa Udhiyyah: Ito ay lehitimong tungkulin lamang ng mga buhay, tulad ng nakagawian ng Sugo (Muhammad ﷺ) at ng mga *Sahabah* (tagasunod ng Propeta), sila ay nag-aalay para sa kanilang sarili at mga pamilya. At tungkol sa naman sa pag-aakala ng ibang tao na ang Udhiyyah ay maaaring ibukod-tangi sa mga patay, ito ay walang batayan. Ngunit hindi rin naman masama ang mag-alay para sa kanila (mga patay) kung isabay sa mga buhay. Ang halimbawa nito: Isasapuso ng isang tao na siya ay mag-aalay para sa kanyang pamilya na sama-sama na rito ang buhay at patay, o di kaya'y kusang-loob siyang mag-aalay para sa mga patay na hiwalay sa mga buhay.

Ang Mga Kondisyon Sa Udhiyyah:

1. Isang hayop; ito ay ang Kamelyo, Baka, Tupa o Kambing.
2. Umabot sa itinakda na lehitimong gulang: Para sa Tupa, dapat bata pa ito, at ang wastong kabataan nito ay ang umabot ng isang taon at kalahati. At para sa iba, kailangang nasa wastong gulang ito. Ang wastong gulang para sa Kamelyo: kailangang umabot ito ng limang taon. Ang wastong gulang para sa Baka: kailangang umabot ito ng dalawang taon.

At ang wastong gulang para sa Kambing: kailangang umabot ito ng isang taon.

3. Malaya sa anumang kapintasan: tulad ng pilay, bulag, masasakitin at payat.

4. Pag-aari mismo ng nag-aalay.

5. Maialay ito sa tamang oras na itinakda: Ito ay pagkatapos ng Salah sa Eid sa araw ng *Nah'r* (ika-10 sa Dhul-Hijjah) hanggang sa paglubog ng araw sa huling mga araw ng *Tashriq* (ika-13 araw). At ipinahihintulot ang pagkatay ng Udhiyyah maging sa umaga man o sa gabi. Ngunit ang pagkatay sa umaga ay mas mabuti. At ang pinakamainam sa lahat ng mga oras nito ay sa araw ng Eid pagkatapos na pagkatapos ng dalawang *Khutbah* (talumpati).

Ano Ang Mga Dapat Iwasan Ng Taong May Balak Mag-alay.

Kapag nais niyang mag-alay at sumapit na ang buwan ng Dhul Hijjah, ipinagbabawal sa kanya na kumuha ng anumang kanyang buhok, mga kuko at balat hangga't hindi niya naihandog ang kanyang alay. Batay sa isang *Hadith* na naiulat ni Ummu Salamah. [*Ang Propeta (ﷺ) ay nagsabi: " Kapag sumapit na ang (unang) sampung araw at nais ng isa sa inyo na mag-alay, magkagayon hayaan niya ang kanyang buhok at mga kuko."*] *Isinalaysay ni Muslim at Ahmad.*

Ang alituntuning ito ay sumasaklaw lamang sa taong nag-aalay mismo, at hindi nasasaklaw ng kabawalang ito ang sinumang isinasama lang. At kung sakali mang ang taong nais mag-alay ay nakakuha ng anumang kanyang buhok o kuko. Magkagayon dapat niyang pagsisihan ito sa Allah, at hindi makakahadlang iyon sa kanyang pag-aalay. At kung nangyari man iyon sanhi ng pagkalimot o kawalan ng kaalaman, siya ay walang sala.

Ang Mga Kondisyon Ng Pagkakatay:

1. Ang tagapagkatay ay may sapat na pag-iisip at pang-unawa.

2. Ang tagapagkatay ay isang Muslim o angkan ng kasulatan (Hudyong o Kristiyano).

3. Maisapuso ang pagkakatay.

4. Ang pagkatay ay hindi maibaling sa kaninuman maliban sa Allah.

5. Ang di sumambit ng anumang pangalan maliban sa Pangalan ng Allah.

6. Ang ipangkatay ay isang matalim na bagay.

7. Ang sambitin ng tagapagkatay ang Pangalan ng Allah. Samakatuwid ang kanyang sasambitin sa pagkatay (*Bismillaah*).

8. Ang bumulwak ang dugo sa pamamagitan ng pagkatay.

9. And hayop na kakatayin ay lehitimong ipinahihintulot.

Mga Magagandang Asal Sa Pagkakatay:

1. Ang iharap sa *Qiblah* ang hayop na kakatayin.

2. Ang pagbutihin ang pagkakatay.

3. Ang lalaslasi ang lalamunan (na siyang daanan ng hangin papuntang бага), ang esopago (na siya namang daanan ng pagkain at inumin), at ang isa sa dalawang malaking ugat sa leeg.

4. Ang sambitin ang *Allaahu Akbar* pagkatapos ng *Bismillaah*.

5. Ang sambitin ang Pangalan ng Allah bago tuluyang katayin ang Udhiyyah nang ganito : "*Bismillaahi wallaahu Akbar, allaahumma minka wa laka `anni, allaahumma taqabbal minni*".

Kung ito'y para sa kanya, at kung para sa iba ay ganito : "*Bismillaahi wallaahu Akbar, allaahumma minka wa laka `an fulan, allaahumma taqabbal min fulan.*"

Ang Mga Makrooh (di kanais-nais) Sa Pagkakatay:

1. Ang pagkatay sa pamamagitan ng mapurol na patalim.

2. Ang gumawa ng isang gawaing nakasakit dito (sa kinakatay) pagkatapos ng pagkatay, tulad halimbawa na ang leeg nito ay babaliin, balatan o putulin ang isang bahagi nito bago malagutan ng hininga.